

Ang Awit ng Dalagang Marmol

Andrew A. Estacio

University of the Philippines Los Baños
aaestacio@up.edu.ph

Dulang alay sa kundimang “Jocelynang Baliwag”

Unang itinanghal sa The Virgin Labfest 18: “Hitik” sa Tanghalang Ignacio Gimenez, Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) noong Hunyo 8-24, 2023. Direksyon ni G. NAZER DEGAYO SALCEDO. Pinagbatayan ang librong “Muling Pagbasa sa Jocelynang Baliwag: Paglutas sa Problemanag Historikal ng Tinaguriang Kundiman ng Himagsikan” ni G. IAN CHRISTOPHER ALFONSO.

Mga Nagsipagganap:

PEEWEE O'HARA - Matandang Pepita Tiongson

ADRIENNE VERGARA - Direktora

KATH CASTILLO - Dramaturg

RACHELLA JASMINE P. BALUNES - Aktres

ANDREW CRUZ - Aktor 1

LORENS LAPRESCA - Aktor 2

DANE HINOL - Pianista

JEREMY AMPONGAN & CJAY MALIPOT - Ensemble at SM

Produksyon:

STEVEN CLARK 'PAGASPAS' PERALTA - Dramaturgy

SHEÑA CLAIRE PARNONCILLON - Stage Management

JULIO GARCIA - Production Design

TJ RAMOS - Sound Design

LOREN RIVERA - Lighting Design

SAMANTHA TEOXON & RAINIEL ABADEJOS - Poster Design

Sinopsis

Isang bagong dula ang binubuo ng isang grupo ng mga artista’t aktor hinggil sa isang popular at kontrobersyal na awitin sa kasaysayan ng bansa, ang “Jocelynang Baliwag” na matagal nang kinilala bilang Kundiman ng Himagsikan at inihahambing sa larawan ng Inang Bayan. Nakatakdang maisadula ito bilang pagpupugay para sa isang bagong tayong tanghalan ng kanilang probinsya; ngunit sa kanilang page-ensayo at ibayong pagtuklas, masisiwalat sa kanila ang mga hindi pa naikukuwentong katotohanan hinggil sa nasabing kundiman—may mga bagong impormasyong maghahamon sa titulo ng idinambanang awitin at makukumbinsi ang mga aktor na pagpanibaguhin ang dramatikong pihit ng kanilang dula—nasaan na nga ba talaga si Jocelynang Baliwag?

Mga Tauhan:

Direktora - babae, mid-30s, siya rin ang mandudula

Dramaturg - babae, mid-30s

Aktres - babae, 20s, gaganap bilang Mutya, Liwayway at Pepita Tionson

Aktor 1 - lalaki, 40s, gaganap bilang Antonio Molina, Isabelo de los Reyes, Amerikanong Sundalo

Aktor 2 - lalaki, mid-20s o 30s, gaganap bilang Manghihimagsik, Pedro Mateo, Kolonel Puso

Pianisita - lalaki, mid-30s, *queer*

Matandang Pepita Tionson - babae, nasa edad 65-70

2 Aktor - bahagi ng ensemble at gaganap ding *stage managers*

Tagpuan:

Sa isang bagong tayong tanghalan (“Inang Bayan Theatre Complex”) at tipikal na rehearsal space sa entablado. Mangyayari rito ang pag-eensayo ng mga aktor para sa binubuo nilang dulang may musika. May mga platform din sa tanghalan na magagamit sa *devising* at may piano sa gilid. Kasalukuyang panahon.

Tutugtugin ng Pianista ang himig ng kundimang Jocelynang Baliwag bilang background music.

Lalabas ang Dalagang Aktres at magsasalaysay.

AKTRES:

Musika...may kasaysayan ang musika sa pagpapaalab ng damdaming makabayan nating mga Pilipino. Noong panahon ng himagsikan, musika rin ang nagpaalab sa silakbo ng pakikipaglaban ng ating mga manghihimagsik laban sa mga dayuhan.

Si Antonio Molina, pambansang alagad ng sining sa musika, ang nagpopularisa ng himig na inyong naririnig...ang himig ng kundimang Jocelynang Baliwag, na ibinahagi niya sa publiko noong 1940. Ang kundimang ito ang tinagurian niyang “Kundiman ng Himagsikan.”

Lalabas ang Aktor 1 na gaganap bilang Antonio Molina sa isang bahagi ng entablado.

AKTOR 1 / ANTONIO MOLINA:

1940...Lektura sa Surian ng Wikang Pambansa...Bulwagang Villamor sa Maynila.

Sa katagalan ko nang nag-aaral at nagsasaliksik ng musika sa Unibersidad ng Pilipinas, Konserbatorio ng Musika, natuklasan ko itong piyesa ng mga lumang awitin sa baul ng aking ama...

Lalabas ang isang lingkod o assistant, ipapakita sa audience ang pabalat o cover ng piyesa.

Sa paunang pabalat pa lamang, mapapansin ang isang katangi-tanging parirala sa ilalim ng pamagat ng Jocelynang Baliwag: *musica del legítimo kundiman procedente del Campo insurrecto*, o sa Tagalog ay ang lehitimong musikang kundiman na mula sa dako ng mga manghihimagsik.

Sa anyo ng pagkalimbag nito, sa kulay at uri ng papel, sinasabing ito’y nalimbag noong taong 1897 o 1898, mga taong sumunod sa himagsikang nagbuhat sa Balintawak noong 1896.

Tinataya kong ang Jocelynang Baliwag ang awitin ng mga Pilipinong manghihimagsik noong panahon ng digmaan laban sa Espanya. Mga tagapakinig...hayaan ninyo 'kong dalhin kayo sa kaluluwa’t panahon ng aking sinasabi...



Pupunta sa isang banda si Antonio Molina. Mag-iiba ng ilaw at panahon. Ang Aktres ay aarte bilang isang Mutya, siya ang aawit ng Jocelynang Baliwag.

AKTRES / MUTYA:

Pinopoong sinta, niring calolowa
Nacacawangis mo'y mabangong sampaga
Dalisay sa linis, dakila sa ganda
Matimyas na bucal ng madlang ligaya.

Sa pag-awit niya'y papasok ang Aktor 2, aarteng si Manghihimagsik na nakabihis Katipunero, mula sa kanyang likuran—tila galing sa digmaan.

AKTOR 1 / ANTONIO MOLINA:

(Magsasalita mula sa gilid)

Ang kantahing ito ang kinagigiliwang awitin ng ating manghihimagsik...wari bagang nababanaag nila sa himig at ali-iw

nito ang larawan ng inang minamahal, ang kabiya ng puso o ang mga anak na pinagbuhusan ng paglingap...

Tatayo si Manghihimagsik / Aktor 2 at sasabayan niya ng pagkanta ang Mutya (Aktres), isang dueto ng kanilang hinihirayang pagmamahalan.

AKTRES / MUTYA
& AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

Edeng maligayang kinaloclocan
Ng galak at tuwang catamis-tamisan
Hada cang maningning na ang matunghaya'y
Masamyong bulaclac agad sumisical...
Masamyong bulaclac agad sumisical.

Matatapos ang kanta.

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK: Mabuhay ang himagsikang Pilipino! Mabuhay ang inang bayan!

Matapos ang eksena, bibitaw sa karakter ang mga aktor. Maririnig ang paghiyaw ng Direktora mula sa dulo ng tanghalan at papasok sila ni Dramaturg.

DIREKTORA: Ganda! We have a show! (*Adlib mula kay Direktora sa pagbibigay ng 'notes' sa mga aktor*) I love your singing, I love the music from the piano, pati ang talumpati ni Don Molina, sakto sa pulso! Gusto ko sa likuran, papasok at kakanta ang revolutionaries ng 1896, at makikitang naka-project ang title...Jocelynang Baliwag...Kundiman ng Himagsikan! Sige, gawin natin... (*Gagawa ng tableau upang magpakitang-gilas sa Dramaturg. Kakantahin ang huling bahagi ng Jocelynang Baliwag*)

DIREKTORA: O, 'di ba? What do you love about our play? (*kay Dramaturg*)

DRAMATURG: Ang galing ng performance ng mga actors, Direk! Buo niyo na po ba 'yong play?

DIREKTORA: Actually...malapit na...

DRAMATURG: Malapit na mabuo?

DIREKTORA: Malapit na ang show! Two weeks na lang, ipapalabas na ang dulang ito sa inauguration ng bagong tayong tanghalan na ito...ang Inang Bayan Theatre Complex, IBTC!

DRAMATURG: IBTC... (*titingin sa paligid*) Ang laki-laki rin ng budget ng gobernadora dito 'no? Alam mo bang maraming mga nakatayong tahanan dito noon, bago pa ito maging teatro...

DIREKTORA: Ay, totoo? Parang urban legend? Don't tell me sementeryo 'to dati. Well, at least meron na tayong espasyo para sa'ting mga theatremaker sa probinsya! Go, Regional!

(*beat*) Actually...Hindi pa nga namin polished ang buong dula dahil nagsipag-back out-an last minute ang ilang aktor, pati SM at pianist, diyos miyo. And we've only got a few weeks! So, kalma, let's work on what we have, and believe in the power of...

MGA AKTOR: Collaboration!

DIREKTOR: Buti na lang, nandito ka na, now that we have you!

DRAMATURG: Ano po bang overall vision ninyo sa dula, Direk?

DIREKTORA: Actually...I dreamed about this last night e. It's already complete. I'm envisioning...this as a love story in the time of revolution! May musika, may Zarzuela, at may documentary...o ha!

DRAMATURG: Documentary Zarzuela?

DIREKTORA: SMs, ilagay natin 'yon sa poster! Gusto ko 'yan, Documentary Zarzuela. Ispesyal kasing maikwento ang mga historical background ng kundimang Jocelynang Baliwag, and my vision is...kailangang maibalik sa audience, sa Filipino consciousness, ang awiting ito! Kundiman ng Himagsikan, ang Awit ng Inang Bayan!

Magpo-pose ang Direktora na tila Inang Bayan. Palakpakan ang mga aktor.

DRAMATURG: Taray! Actually, meron po akong mga dala-dalang research and information...

DIREKTORA: Ay, s'ya nga pala, kailangan na kitang maipakilala...(*haharap sa mga aktor*) Mga kapatid, ang ating Dramaturg. Bagong dating lang from abroad?

DRAMATURG: Galing po akong Yokohama, Japan, sa isang international conference. Part po ako ng Asians Dramaturg Network at naging research presentation 'ko ho itong Jocelyna.

AKTOR 1: Mawalang-galang ho, ano pong ginagawa ng dramaturg?

DRAMATURG: Ay, marami kaming pwedeng gawin. Si dramaturg ang tumutulong sa pagpo-provide ng context, vital knowledge...

AKTOR 1: Nagbibigay ng additional information?

DRAMATURG: Yes, opo...mga creative research and interpretation na rin sa buong play.

AKTOR 1: Malaking tulong 'yan!

DRAMATURG: Yes po...a, kailangan kasi naming mangialam

DIREKTORA: Mangialam?

DRAMATURG: Este, makialam sa overall na takbo ng produksyon...we, dramaturgs are curators, and we care!

DIREKTORA: Wow! Ang ating dramaturg, world class! Kailangang kailangan namin ng tulong mo!

DRAMATURG: Actually, marami po akong bagong information sa Jocelynang Baliwag. Kailan na po ba submission ng final script?

DIREKTORA: Today. (*magugulat ang Dramaturg*) Oo, kasi kikidlatan na'ko ni Gobernadora. (*beat*) Ay, s'ya nga pala...ipapakilala ko pa sa'yo ang ating brilliant actors, our very own provincial talents... Si Mutya, napakahusay n'yang umawit

(maaaring kumaway ang mga aktor)...ang makisig at matipunong si Manghihimasik...our brilliant thespian na gaganap bilang National Artist, at ang ating music prodigy (pianista)...kayang kayang tugtugin ang kahit ano!

Magtutugtog at magpakikitang-gilas ang pianista at magpapalakpakan matapos.

DRAMATURG: Ikinagagalak ko kayong makilala!

PIANISTA: Direk, nakagawa na 'kong scoring para sa paglalandian, ay este, pagliligawan ng dalawa nating aktor! *(waring may kilig)*

DIREK: Ay, buti naman may scoring ka na! Sa ganyan ka talaga inspired ha. Sige, pakinggan natin.

Tutugtog ang Pianista ng sariling scoring, variation ng Jocelynang Baliwag, para sa isang love scene nina Mutya at Manghihimagsik, bilang background music.

Sa kalagitnaan ng pagtutugtog, aarte ang Aktres at Aktor 2 sa gitna sa saliw ng musika. Kasama rin ang dalawang aktor, gaganap na ensemble.

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

Aking mutya...kamatayan na lang ang nasa isip ko matapos mabigo ang aming labanan! Natalo ang unang salakay ng aming hukbo sa mga Kastila. Sugatan, nagdanak ang mga dugo, nagkalat ang mga bangkay ng mga kapatid natin sa digmaan!

Subalit ngayon...nandito ka...nakatindig muli sa aming harapan. Ang iyong tinig...napakaganda, lalong nabuhayan ang loob ko, ay, napakadakila!

Luluhod ang Aktor sa harap ng Aktres.

AKTRES / MUTYA:

Tumayo po kayo't huwag magmakaawa sa akin! Kailangan ko pong gamutin ang mga sugat ninyo...

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

Subalit tunay lamang na maghihilom ang mga sugat ko sa puso kapag sinabi mo sa'king iniibig mo rin ako.

AKTRES / MUTYA:

Papaano po ako iibig kung nababalot na halos kayo ng dumi, galos, mga sugat at dugo!

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

(Halos naghihingalo)

Mahal na binibini,

Tanging masasambit ko

Ang kredito ng mahal na Supremo...

Kakantahin ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, sa saliw ng Piano:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya...

sa pagkadalisan at pagkadalila

gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?

Alin pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Mapapapikit nang tuluyan ang Manghihimagsik. Kanwaring nalagutan ng hininga.

AKTRES / MUTYA:

Oo, iniibig kita, minamahal kong ginoo!

Ni hindi ko man lang nasabi sa 'yo,

Bago mo man lang ipikit ang mga mata mo!

Kapalit ng pag-ibig mo sa akin,

Dalhin mo sa libingan at sa maykapal

Ang kwintas kong ito...

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

(Gigising at gugulatin ang Mutya)

Aha! Sabi na nga ba! Kailangan ko lang palang magpatay-patayan nang makuha ang loob ng aking binibini! Mukha ba 'kong prinsipal kapag patay?

AKTRES / MUTYA:

Napakasama mo talaga! Mauna mo pa akong mapapatay, Ginoo!
Tampalasan ka talaga! (*hahampasin siya*).

ligting ang tugtog ng Pianista.

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK:

Akin na lamang ang kwintas mo, minamahal kong mutya.
Habambuhay ko itong suot. May digmaan o wala. Hayaan mo ring
magbigay ako sa'yo ng tinatangi kong bagay.

Ibibigay ng manghihimagsik ang rebolber.

AKTRES / MUTYA: Isang baril? 'Di hamak lang akong dalagang
walang kamuwang-muwang sa labanan!

AKTOR 2 / MANGHIHIMAGSIK: Binihag at pinalakas mo ang loob
ko. Nananalig ako sa iyo. Mas malakas pa sa digmaang ito ang 'yong
awit, gayondin ang dala-dala mong paghihimagsik!

*Tutugtog ang PIANISTA ng maikling saglit ng Alerta Katipunan at kakanta rin
siya sa pagtatapos ng maikling bit:*

PIANISTA: (*Aakyat pa ng bangko*) Alerta Katipunan! Sa bundok ang tahanan,
Doon mararanasan ang hirap ng katawan!

DIREKTOR: Aaaaand...end scene. Lakas maka-pride month? Gusto ko 'yang
kanta mo ng Alerta. Damang dama mo sa part na 'yan.

PIANISTA: Ganda ba, Direk?

DIREKTOR: Kayo pa ba? Sa husay n'yong 'yan. Tsaka interesting 'yong binigay
na baril kay Mutya e, kami lang mero no'n! Marami nga 'kong naiisip na
possibilities doon.

AKTOR 2: Uy, ako nakaisip nun!

PIANISTA: Palibhasa, mahilig ka humawak sa baril mo!

AKTOR 2: Grabe, I did my research kaya! Nagpapadala raw ang mga Katipunero ng mga sandata or secret message sa mga kababaihan at tinatago daw nila ‘yon sa kanilang damit!

AKTRES: Ako naman po, nai-imagine ko na po ‘yong costume ko, na naka-traje de mestiza at maraming bulsa.

Lalapit si Aktor 1 at mag-e-emerge sa gitna.

AKTOR 1: Dramaturg, bilang senior actor, may sarili akong process. Para sa karakter ni National Artist Antonio Molina, gumawa ako ng character sketch. Drinowing ko talaga s’ya bilang cellist, soloist sa Manila Grand Opera house, propesor sa UP at dean sa CEU. Kahanay n’ya sina Nicanor Abelardo at Fransisco Santiago. Correct me if I’m right.

DRAMATURG: A...correct...and right.

AKTOR 1: Pinakapaborito kong musika n’ya ‘yong madalas tugtugin sa mga orchestra...

DRAMATURG: Hating-gabi?

AKTOR 1: ‘Yon nga!

Tutugtog ang Pianista ng Hatinggabi.

AKTOR 1 / ANTONIO MOLINA: *(Sa isang iglap, waring hahawak at tutugtog din ng imaginary cello at makiki-jive sa music)*

Hating-gabi ngayong sakdal dilim sa aking buhay
Ngunit pag-ibig mo Ang s'yang naging tanglaw...

Habang nagtutugtog pa ang piano, hindi mapipigilang magsalita ng Dramaturg

DRAMATURG: Cut...cut...Sorry, I have to cut you, sir. Yes, si Molina ang nagsabing ‘Kundiman ng Himagsikan’ ang Jocelynang Baliwag...na later on ay malalaman nating...isang malaking pagkakamali sa kasaysayan!

Mauudlot bigla ang musika.

DIREKTORA: Ha?

DRAMATURG: Maling ituring na kundiman ng Himagsikan ang (*pakanta*) ‘Pinopoong Sinta...’

AKTOR 1: Big statement ‘yan a?

DRAMATURG: Ironically, si Molina na mismo ang kumuwestiyon sa kanyang sarili. May sinulat s’yang article dito noong 50s...ay, teka, dala ko nga pala ‘yong readings, materials, and exhibit ko from Japan...kukunin ko...

Kukunin ni Dramaturg ang kanyang hand-outs at materials.

DIREKTORA: (*habang abala sa pagkuha ang Dramaturg*) Teka, teka...nag-notes din ako. Nabasa ko na sina Dr. Teresita Maceda, Dr. Luis Dery, Lumbera, Quindoza-Santiago, sinasabi nila na ang kundimang Jocelynang Baliwag ay may kaugnayan sa imahen ng Inang Bayan and they have cited Molina’s statement, ang Kundiman ng Himagsikan, Jocelynang Baliwag. O baka outdated ‘yung readings ko? Kilala rin ang Jocelyna sa iba’t ibang mga dulang makabayan...

AKTOR 1: ‘Yong gaya sa Pilipinas Circa 1907! Bida mo ko dun, direk.

DIREKTORA: Yes! At pati sa movie ni Lav Diaz, Hele sa Hiwagang Hapis, nag-appear din ang music na ‘yon. O, 8 hours din ‘yon! Sinasabi mo, mali lahat ng ‘yon?

PIANISTA: Sa mga research na nababasa ko sa history of Philippine music, laging revolutionary song ang classification ng Jocelynang Baliwag!

AKTOR 1: Pero sa totoo lang, parang wala rin naman akong makita o maramdamang himagsikan sa lyrics ng kanta.

DRAMATURG: You’re right, sir!

AKTRES: Direk, ang ganda pa naman po ng kanta, pero hindi na tungkol sa himagsikan?

AKTOR 2: E, tungkol saan na po ‘yong magiging kwento natin? Baka pwede pa nating ituloy ang love story?

AKTRES: Pwede po siguro, kasi ang kundiman ay kanta pa rin naman ng pagmamahalan.

PIANISTA: Kayong dalawa ha...G na G pa rin sa love story!

DIREKTORA: Sandali, sandali...firstly, don't take the lyrics literally! Metaphor 'yon ng Inang Bayan, diniscuss na natin 'yan. Ano ba? Secondly, alam na ba 'to ni Ambeth? Vic Torres o ni Xiao Chua? Do you have proof para sabihing maling ituring na kundiman ng Himagsikan ang Jocelyna? I can call them.

Babalik si Dramaturg, dala-dala ang mga hand-out, ishe-share ito kay Aktor 1 at Direktora.

DRAMATURG: Meron, Direk...ito (*ipapakita ang libro ni Alfonso at ibibigay kay Direktora*)

Kumonsulta ako sa isang historian na masugid na inaral ang history ng Jocelynang Baliwag for almost 8 years...hindi 8 hours (*tatawang bahagya*). Si Ian Christopher Alfonso, taga-National Historical Commission. Sinulat n'ya ang librong "Muling Pagbasa sa Jocelynang Baliwag," proving the point na hindi nga talaga dapat ituring na kundiman ng Himagsikan ang Jocelyna!

DIREKTORA: How so?

DRAMATURG: Unang una...tama, ang sinabi ng Aktor, at kinuwestiyon na rin ito ni Dr. Maceda noon pa, Direk. Aware na dito si Molina later on in life. Ito 'yong article n'ya na sinasabi ko (*iaabot ang article*). Sir (*kay Aktor 1*), pwedeng makibasa, please turn to page 6...

Itutuloy ni Aktor 1 ang pagbabasa ng article.

AKTOR 1/ ANTONIO MOLINA:

(*binabasa*) 'Ang pantig ng Jocelynang Baliwag ay pilit na iniagpang sa tugtugin...sa buong tula ay wala mang isang salitang nauukol o bumabanggit sa himagsikan at walang taglay na kaugnayan sa digmaan, sa mga paglalaban, o sa himagsikan...wari 'balintuna' na ang tula at ang tugtuging ito ay tawaging 'Kundiman ng Himagsikan.'

DIREKTORA: So...ito 'yong hindi alam ng publiko?

DRAMATURG: Apparently...17 years after ng kanyang lecture sa Surian.

AKTOR 1: So, ano ho'ng sasabihin natin hinggil kay Molina sa dula...na nagkamali siya?

DRAMATURG: Good question. Mas maganda sigurong sabihin na...na-misinterpret ni Molina ang lumang piyesa na meron siya. 'Yung phrase sa title ng Jocelyna...ano nga ulit 'yon?

AKTOR 1: 'musica...kundiman procedente del Campo insurrecto'?

DRAMATURG: Insurrecto! Tinuring n'ya ang salitang 'insurrecto' as manghihimagsik...and given the limited context of his time, marahil lumabas sa isipan n'ya, manghihimagsik...himagsikan...Kundiman ng Himagsikan ang Jocelynang Baliwag.

Magre-react ang mga aktor sa sinabi ng Dramaturg, napagtatanto ang mga paglilinaw.

DRAMATURG: Maaaring nagkamali ng pagbasa si Molina, pero malaki pa rin ang ambag niya sa historiography ng Jocelyna!

AKTOR 1: Kaya National Artist pa rin s'ya.

AKTOR 2: Direk, bakit hindi natin i-push na pagsama-samahin sa play ang mga backstory na 'to? Tahiin natin kumbaga.

DIREKTORA: Teka...teka...ngayon lang lumalabas itong mga information na ito, kung kailan malapit na ang show!! Pa'no pa ba natin 'to tatahiin pa, kulang na tayo sa panahon at nangungulit na sa'kin si Gobernadora. Hiramín ko muna 'to a (*sa libro ni Alfonso*). May idadagdag ka pa ba?

DRAMATURG: 'Yong claim tungkol sa Inang Bayan...medyo kailangan din ng paglilinaw do'n...

DIREKTORA: At bakit? May mali din ba do'n?

DRAMATURG: Ang totoo n'yan e...as time goes by, na-romanticize na lang din naman ang image ng Inang Bayan sa kanta...

DIREKTORA: Na-romanticize?

DRAMATURG: May totoong tao sa likod ng kanta, isang magandang binibini na ang pangalan ay Pepita Tiongson (*kukunin ni Dramaturg ang kanyang exhibit—isang malaking imahe ni Pepita Tiongson*).

**Ang mga exhibit ay mga malalaking larawan o portrait ng mga historikal na tao / arkibo na madaling makita sa entablado at hahawakan ng mga aktor.*

AKTRES: Ay! Si Pepita Tiongson, nakita ko po s'ya sa internet!

DRAMATURG: Yes! Sa kanya talaga dedicated ang kanta. My God, kamukhang kamukha mo si Pepita!

AKTRES: Talaga po? (*Magpo-pose ala Pepita Tiongson, gaya ng sa imahe*)

DIREKTORA: Wait...wait...hindi ko na alam kung paano pa pwedeng isingit si Pepita Tiongson 'no, dahil kakaunti lang ang alam kong background sa kanya, and it would take a lot of time kung isasalampak pa natin sa dula ang talambuhay niya. I think kelangan nating i-refocus ang play sa metaphor na lang ng Inang Bayan!

DRAMATURG: Actually...Direk, mas marami akong ishe-share na background information sa'yo tungkol kay Pepita Tiongson!

AKTRES: Interesting po s'ya, Direk. Baka pwede n'yong ma-consider. What if...umpisahan po natin s'yang ipakilala sa pangalan niya, na makikita sa lyrics nung kanta?

AKTOR 1: (*hawak-hawak naman ang kopya ng piyesa*) Ito o...'yung acrostic ng pangalan n'ya...

(*pakanta*)

P– Pinopoong sinta...

E– Edeng maligaya...

P– Pinananaligan...

I– Icaw na nga ang lunas...

T– Tangapin...

A– At sa cawacasa’y...

Pepita! (*aawitin ng Aktres*)

DRAMATURG: Si Pepita Tionson o Maria Josefa Tionson y Lara...isa raw maganda’t sikat na dalagang taga-Baliwag, Bulacan noong panahon ng early 20th century. And rumors have it, na dinadalaw pa raw s’ya ng mga tourist sa Baliwag upang masilayan ang kanyang kagandahan!

DIREKTORA: (*Kukunin ang exhibit*) Wow. Ang ganda-ganda naman ni Pepita, naging tourist spot pa s’ya of the Philippines. Relevant pa ba si Pepita Tionson sa play? SM, pakitago na ito.

Papasok ang SMs (dalawang aktor) at akmang kukunin ang mga exhibit. Ngunit pilit na aagawin ni Dramaturg ang mga exhibit.

DRAMATURG: Naku, very relevant, direk! Makikita mismo ang kanyang beautiful Filipina image sa cover ng music sheets na hawak ni Molina...(*kukunin ang isa pang exhibit*)

Mag-iiba ang ilaw. Ang Aktor 1 ay tila aarteng mismong buhay na Antonio Molina

AKTOR 1/ ANTONIO MOLINA:

Inaamin kong ako’y napukaw ng kundimang Jocelynang Baliwag bilang Kundiman ng Himagsikan dahil sa aking palagay, ang tono nito ay umiiral na noon pa man...

Sa lumang kopya ng piyesa ring ito, (*hinahawakan at pinakikita*), matatagpuan din ang iba pang mga komposisyon, hindi lang ang Jocelynang Baliwag. (*Binabasa*) Mayro’ng dalawang *danza*, ang “Liwayway” at “Pepita,” at isang *waltz* “El Anillo de la Dalaga de Marmol.” (*may saliw ng tugtog ng piano*)

Mag-iiba ang ilaw

DRAMATURG: Molina, later on, believed na ang tono ng Jocelyna ay mas matanda pa kaysa sa lyrics. At may susunod pa sana ‘kong gustong sabihin...

DIREKTORA: Wow! Ang dami naman nating gustong sabihin sa play na 'to?! Ano na naman 'yon?

DRAMATURG: ‘Yong image ni Pepita sa music sheet ay parehong pareho sa isang novel na sinulat ni Isabelo de los Reyes, taong 1905. Napansin din daw ito Dr. Luis Dery, Direk.

Ipapakita ni Dramaturg ang isa pang exhibit—kopya ng nobeleta, tampok ang cover o pabalat nito.

DRAMATURG: Ang Singsing nang Dalagang Marmol!

Titingnan ng mga aktor at ni Direktora ang pagkakapareho ng dalawang imahe—pabalat ng piyesa ni Molina at pabalat ng Singsing nang Dalagang Marmol ni Isabelo de los Reyes.



AKTRES: Direk, magkamukhang-magkamukha nga po! (*sisipatin ng mga aktor*)

AKTOR 2: Si Pepita Tiongson...Jocelynang Baliwag...Dalagang Marmol? So...pa'no po tayo magkaka-love story n'yan?

DRAMATURG: Meron at merong love story, hindi mawawala ‘yan sa history! Dahil ang totoo, si Isabelo de los Reyes a.k.a. Don Belong ay mismong nanligaw din kay Pepita Tiongson! Alay n’ya ‘yong nobela para sa kanya...at kung sa maniwala kayo o sa hindi...ang kundimang Jocelynang Baliwag ay mismong love song niya para kay Pepita!

AKTOR 1: Pardon my interruption...pasensya, ang daming pumapasok na ideas. Nalilito na po ako. Sino ba ‘yang Belong, Belong na ‘yan?

DRAMATURG: Si Don Belong ay ito (*ibibigay din ang papel / hand-outs kay Aktor 1*)...narito rin ang details regarding Pepita Tiongson (*ibibigay kay Aktres ang papel*) at isa pang bagong character, ang pangalan ay Pedro Mateo (*ibibigay kay Aktor 2 ang papel*)

DIREKTORA: May bagong character?

PIANISTA: Sa akin po?

DRAMATURG: Ay, narito ang copies ng iba pang mga piyesang alay ni de los Reyes kay Pepita. Tugtugin mo!

DIREKTORA: Teka...teka...(tatayo at kukunin ang mga exhibits) dumadami na yata ang gusto nating mangyari hano. Mind you, guys, nangungulit na ang Gobernadora at ako ang mahihirapan sa script.

Mag-aagawan sina Dramaturg at Direktora sa paghawak nila ng exhibits.

DRAMATURG: Direk, para naman po ito sa ikasusulong ng dula! Sayang ang mga na-research ko dito.

DIREKTORA: E, sino ba mahihirapan magsulat, magdirek, at mag-memorize ng lines, ikaw ba?

Mula sa pag-aawa’y bibitawan ni Direktora ang exhibit at halos mabubuwal ang Dramaturg. Kaunting katahimikan.

DRAMATURG: Well...it’s up to you, Direk. Gusto ko lang naman ma-flesh out ang rich contexts ng material natin. Pwede mo pa rin namang tanggihan. (*Magwo-walk out*)

Ngunit biglang babawiin ni Direktora ang mga exhibit.

DIREKTORA: Ikaw naman...‘di ka mabiro!

Tatawa at makikihagapang ang mga Aktor.

DIREKTORA: Sino ba naman ako para tanggiin ang iyong...dramaturgical inputs with international recognition, ano? Tuloy tayo!

Pagkahupa, magsasalita ang Aktor 1 at magbabasa ng mga papel o script sa gilid sina Aktres at Aktor 2.

AKTOR 1: (*nagbabasa*) Si Isabelo de los Reyes o kilala bilang ‘Don Belong’ ay pinakapopular na ilustrado, propagandista’t aktibista ng kanyang panahon.

DRAMATURG: Yes, union leader ‘yan at rockstar si Don Belong noong panahon n’ya. And because in love siya kay Pepita Tiongson, nagpadadala raw siya ng mga postcard mula sa paglalayag niya sa Espanya.

Mag-iiba ang ilaw. Pagbabagong-anyo ni Aktor 1 tungong Don Belong.

AKTOR 1 / DON BELONG: Taong 1905 yaon...hindi ko maitatangal sa aking puso’t isipan si Pepita ng bayang Baliwag. Pinadadalhan kita ng mga postcard na naglalaman ng aking pagsinta’t pagpopoon sa iyo...

Handog ko sa iyo ang nobelang Ang Singsing nang Dalagang Marmol...at dumulog ako sa mga matatalik kong kaibigan upang gawan ka namin ng musika...

AKTRES / PEPITA TIONGSON: Ano pong nais ninyong sabihin sa akin, Don Belong? Ang pangalan ko po’y Maria Josefa Tiongson y Lara...maaaring Pepita na lamang po, o Jocelyna...

AKTOR 1 / DON BELONG: Na matagal na kitang iniibig, dalaga kong marmol...

DRAMATURG: (*Babalik sa dating ilaw*) At si Pedro Mateo...isang binata na taga-Baliwag din, ay kasabay ding nanliligaw kay Pepita.

DIREKTORA: Ang pogi naman ng karibal ni Don Belong!

Lalapit naman si Aktor 2 / Pedro Mateo sa kanilang dalawa, sa entablado. Aawitan si Pepita Tiongson ng Jocelynang Baliwag.

AKTOR 2 / PEDRO MATEO: Edeng
Maligayang...kinaloloklokan...ng galak at tuwang
katamis-tamisan...

Sasabay sa pag-awit si Don Belong.

AKTOR 1/ DON BELONG: Hada kang maningning...nang
Matunghayan...masamyong bulaklak agad sumisical...

AKTOR 2/ PEDRO MATEO: Masamyong bulaklak...agad sumisical...

Lalapit si Pepita kay Pedro Mateo. Manlulumo si Don Belong.

DIREKTORA: So...sinagot ba ni Pepita itong si Don Belong?

DRAMATURG: Hindi. Unrequited love.

AKTOR 1: Aw!

AKTRES:(*sa papel*) Sabi po rito, si Pedro Mateo ang mapapangasawa
ni Pepita.

DRAMATURG: Pinakasalan ni Pepita si Pedro Mateo, na magiging
Mayor ng kanilang bayan.

AKTOR 2: Awts! See, sabi na nga bang may love story pa rin!

AKTOR 1: Mabalik tayo kay Don Belong, sabi dito (*sa papel*), mayroon siyang
27 mga anak at tatlong asawa, kaya baka 'di sinagot kasi babaero?

DIREKTORA: Okay, everybody! Ang dami nang trajectories nito, 'wag na
nating isama yan! By this time, we need to tailor fit the narrative sa essentials
only!

DRAMATURG: Direk, para ‘di tayo lalong mahirapan, pwede po nating ituhog ‘yong narrative ng mismong novel sa kwento...

DIREKTORA: ‘Yong buong novel?

DRAMATURG: Mas maraming material dito tungkol sa bayan, at mga aspirations ni Don Belong na feeling ko, bet mong malaman.

AKTRES: Tungkol po pala saan ang nobela?

DRAMATURG: Idealization ni Don Belong ‘yong kanyang nobela hinggil kay Pepita...dahil inlove ang dakila mong lolo, ginawan n’ya ng fictional character si Pepita sa kwento, at ipinangalan n’ya itong (*may diin sa pagbanggit ng pangalan, ituturo si Aktres*) “Liwayway.”

Magiging kasintahan ni Liwayway si (*ituturo si Aktor 2*) “Kolonel Puso,” na miyembro ng hukbong Pilipino noong Philippine-American war. Sa kwento, sapilitan namang ipinakasal si Liwayway sa isang “Sundalong Amerikano” (*ituturo si Aktor 1*).

DIREKTORA: Sundalong Amerikano? Wait...kailan nga ulit na-publish ‘yong novel?

DRAMATURG: 1905, ‘yung first edition at 1912, second edition in Tagalog.

DIREKTORA: 1905...1912...so, hindi na 1896 Himagsikan period ng mga Katipunero ‘to? American colonization period na?

DRAMATURG: Hindi na nga panahon ng Himagsikan laban sa Espanya. Kaya, my suggestion, Direk, pwede nating i-adjust ‘yong timeline ng dula towards Philippine-American war.

DIREKTORA: (*Naaligaga*) Wow! So, nagdagdag na tayo ng bagong characters, nagsingit ng bagong infos, at i-a-adjust pa natin ang timeline ng dula?... (*Aligaga*) Sige! Para ma-trigger pa lalo ang ating artistic inspiration! (*Tatawagin*) SM! Look for a veil for Liwayway (*ituturo si Aktres*), costume para kay Kolonel Puso (*ituturo si Aktor 2*), and hat ng Uncle Sam para sa sundalong Amerikano (*kay Aktor 1*).

PIANISTA: Consistent lover si Aktor! E ako po? Baka naman pwede po akong maging Inang Bayan? Or Mother B!

DIREKTOR: Utang na loob, doon ka sa piano.

PIANISTA: Ay, ano ba 'yan!

DRAMATURG: Clarify ko lang ulit, Direk ha, Philippine-American war sa 'Kingwa', Plaridel, Bulacan.

DIREKTORA: Oo na, oo na!

Magtutugtog ang pianista ng mabigat na tunog pandigma.

SCENE TRANSITION: Time progression ng kanilang rehearsal (pagpapalit ng costume at improvisasyon ng mga eksena) Isang linggo ang sinakop ng panahon.

Muling bubukas ang ilaw. Isang eksena para sa nobelang "Ang Singsing ng Dalagang Marmol."

AKTRES / LIWAYWAY (Monologo):

Patawad, mahal kong Kolonel Puso. Nilisan kita nang wala kang kaalam-alam. Marahas akong tinutulan ng aking mga kamag-anak, nang malaman niyang nag-iibigan tayong dalawa. Nangungulila ako sa iyong mga yakap, hindi ko na alam kung napasaan ka na...

Makikita rin sa isang banda si Aktor 2/ Kolonel Puso, nangungulila. Tutugtog ng musika, "Nasaan Ka Irog" ni Nicanor Abelardo.

LIWAYWAY:

Nasaan ka Irog,

At dagling naparam ang iyong pag-ibig?

'Di baga sumpa mo, ako'y mamahalin?

Iyong itatangi, iyong itatangi

Magpa-hanggang libing,

Subalit nasaan ang gayong pagtingin?

Habang nasa instrumental ang pag-awit ni Liwayway ng kundiman, magbibigkas ng madamdaming tula si Kolonel Puso

KOLONEL PUSO:

(Sipi mula sa huling pahina ng nobeleta ni De los Reyes)
Pepitang himala sa bayang Baliwag,
sa mga tuwa mo't lungkot na masaklap...
...lalong nagdaragdag ng matindíng dusa,
ngayo'y di na akin ang iyóng pagsintá.

LIWAYWAY: *(aawit)*

Tandaan mo irog,
Irog ko'y tandaan
Ang lahat sa Buhay ko
Ay hindi maglalaho"
Magsisilbing bakas
'Tang Pagsuyo,
Nasaan ka irog,
Nasaan ka irog?

Sisingit ang Direktora at bumibirit din.

DIREKTORA: Sustain! Sustain mo ang last note! My notes are sacrosanct!
(Makikita si Dramaturg)

DIREKTORA: Ay, nagustuhan mo? Pinili ko ang musika ni Nicanor Abelardo, 'Nasaan ka irog?' Na-feel ko s'ya sa pangungulila ni Liwayway kay Kolonel Puso.

DRAMATURG: Ang ganda, Direk. *(Magre-reenact din at may teatrikal na kilos)* At saka, sa kwento, tatakas si Liwayway at magkukunwaring matandang hukluban. Sa bandang huli, ma-re-reunite pa rin ang dalawang magkasintahan sa isang bahay-pagamutan...at 'yong matandang babaeng gumagamot kay Kolonel Puso ay s'ya palang si Liwayway. Ang ending, patatawarin sila ng American colonial government, at tuluyang ikakasal sa ilalim ng basbas ng mga Amerikano.

DIREKTORA: Ano? So, pro-American government ang ending ng novel?!
(*Biglang magagalit at pupukpuhin ang tiklado ng piano at magugulat ang mga aktor*)

DRAMATURG: (*Natatakot*) A...Direk...mas in favor kasi si Don Belong sa American government...pero hindi pa rin naman nawawala ang kanyang aspiration sa Philippine Independence!

AKTOR 1: Direk, aabot pa ba tayo?

DIREKTORA: (*Overwhelmed*) Okay...I'm trying to weave all these things together, hano! Kasi ang dami-dami ko nang natututunan at natutuklasan! Sana last week mo pa sinabi! Subukan kong i-recap ha. So...we're making a full-length play na may Zarzuela at documentary about the Jocelynang Baliwag, which is a controversial kundiman in history na kailangang kailangang linawin ang historical contexts from Molina, to Pepita Tiongson, to Don Belong...and the play will end with his novel, Ang Singsing ng Dalagang Marmol, in which the ending concludes with a wedding of Colonel Puso and Liwayway under the American colonial government, na may promise pa rin ng Philippine independence, tama? May idadagdag ka pa ba?!!

AKTOR 2: Okey ka lang, Direk? Ano nang mangyayari sa dula natin?

DIREKTORA: 'Tanong mo sa kanya! (*kay Dramaturg*)

DRAMATURG: E...sa bandang dulo lang naman, direk, ang lagi lang naman naming tinatanong ng mga dramaturg e...ano ba talaga ang gusto mong sabihin sa play?

DIREKTORA: Wow. (*Pilit na kakalma*) Well...initially, no'ng 'di ka pa dumarating...my idea about Jocelynang Baliwag was to offer the audience an image of the Inang Bayan, na kailangan natin ngayon. 'Yon lang. The woman figure who inspires love, courage and sacrifice for the nation!

DRAMATURG: Pero, passe na ang imaheng iyan at overused.

DIREKTORA: Passe? Excuse me! Imortal ang imahe ng Inang Bayan! As an artist, I have the artistic license to present my own version of the Inang

Bayan! (*May biglaang inspirasyon*) What if...we need give an alternative ending? Sabi natin, pro-American ang ending ng novel, why don't we situate the kundimang Jocelynang Baliwag with a different story? Papatayin ni Liwayway ang Sundalong Amerikano because she was forced to marry him!!!

DRAMATURG: Ay, wala 'yan sa primary sources ko, direk. Magiging fan fiction lang 'yan ng novel.

DIREKTORA: Fan fiction?! Darling...in art...we can offer an alternative ending! In theatre...anything is possible for the reimagination or reconstruction of ideas as long as it serves a political purpose, gano'n!

AKTRES: Oh! Parang 'yong scene kanina, na may binigay po sa'king baril at ipuputok po natin ito sa dulo ng dula!

DIREKTORA: O, God! I love thinking actors! That's the ending! The death of the American soldier! What if...on the night of their honeymoon, matapos ang sapilitang pagpapakasal...thunder, lightning, sound effects!

(Pagbubuo ng eksena)

AKTOR 1 / AMERIKANONG SUNDALO: Aren't you goin' to talk, ey?

AKTRES / LIWAYWAY: I would...I would like to sing a love song first...

AKTOR 1 / AMERIKANONG SUNDALO: Sing a song for honeymoon? Can't we undress already? I'm ready to show the baton!...Cum'on! Sing to me, my dear Liwayway. Liwayway is such a bad name, isn't it? Sounds like a brown 'lil puppy! I should call you, my Sophie!

AKTRES / LIWAYWAY: Pinopoong Sinta...niring caluluwa...nakakawangis mo'y mabangong sambaga (*itutuloy ang awit*)

Habang umaawit si Liwayway, hina-harass ng Amerikanong Sundalo ang kanyang katawan mula sa kanyang binti't hita, at kinakalag ang kanyang palda. Ngunit nakalapat pa rin ang kamay ni Liwayway sa kanyang dibdib at tinatago ang kanyang baril.

AKTRES / LIWAYWAY: (*sa gitna ng pag-awit, ilalabas bigla ang baril sa dibdib*) You killed my people...you killed my love...you killed Colonel Puso!

Mapapalayo nang bahagya ang Amerikanong Kolonel.

AKTOR 1 / AMERIKANONG SUNDALO: (*waring kalmado*) Well then...shoot me! Do it! (*Maghihintay nang kaunti, may masamang tawa*) I know you can't do it. Yeh...try to shoot me...you little coward maiden! Who do you think I am? I'm a Soldier of the United States!

AKTRES / LIWAYWAY: Ako ang dalagang marmol! Hindi ako takot sa mga dayuhang diableng kagaya mo!

Babarilin ni Liwayway ang Amerikano, babagsak. Tatakbo nang tatakbo si Liwayway palayo. At sumisilakbo rin ang tugtog ng Pianista. Magkakaroon ng tableau kasama ang Direktora.

DIREKTORA: And then...we will all see an image Liwayway... mala-Pieta...carrying the bodies of her beloved Filipino soldiers who fought in the revolution...ang alegorya ng Inang Bayan! (*kakanta at magiging madamdamin ang Direktora*) Masamyong bulaclac...agad sumisical... Pianissimo...lights fading out...

Matatapos ang eksena nang naka-tableau ang buong cast. Papasok si Dramaturg.

DRAMATURG: Maganda naman ang imagination, direk...damang dama 'ko ang passion, imagination, and...reconstruction! Pero...dramaturgical question lang po ulit, grounded po ba 'yong gusto nating sabihin?

Muling maiinis ang direktora at magda-drop character ang cast.

DIREKTORA: A...so hindi na ba 'ko pwedeng mag-idealize freely? Gaya ng ginawa ni Don Belong, sa pag-a-idealize niya ng kanyang romantic love sa nobela at mga propaganda n'ya sa bayan? And Molina also idealized the song Jocelyna as the nation's revolutionary song. An artist is an idealist of her nation!

DRAMATURG: Pero with that idealism, grounded pa rin po dapat with facts and truths!

DIREKTORA: Alam mo...two weeks na lang before the show. Darating ka rito at saka mo babaguhin 'yong play drastically...ang dami-dami na naming na-rehearse, pagod na pagod na kami, tapos masasayang na naman ang lahat dahil sa mga biglaang dramaturgical inputs mo! In the first place, inuna-una mo pa kasi 'yang international conference na 'yan kaysa dito!

DRAMATURG: Sorry, Direk, first of all, I informed you about my schedule. And secondly, these are all important insights and information based on research! Kung gusto natin ikwento at ibigay sa audience ang Jocelynang Baliwag, kailangan din pong lumitaw ang mga ito!

DIREKTORA: So, ano akala mo sa'min? Fake news peddler? A...purveyors of fake news pala kami. (*Magtataas ng boses*) I'm using metaphors and images to elevate the art and express the truth, the good, and the beautiful! Who do you think you are? God's gift to Philippine theatre?! You starlet dramaturg! Ako ang direktora, I am the playwright, I decide what to do with my play!

DRAMATURG: (*Makikipagtaasan din ng boses*) A, so, desisyon lang ba ng iisang tao ang kasaysayan? Marami pang hindi napapakinggang kwento tango kay Pepita na lagpas na sa mga gasgas na metapora!

DIREKTORA: Are you mocking me?!!

linit ang kanilang salitaan, ngunit biglang sisingit ang Aktres at siya'y kinakabahan.

AKTRES: Excuse me po!...tanong ko lang po, ano na po palang nangyari kay Pepita Tiongson after all these years?

Maïinis ang Direktora sa Aktres at kukutyain. Walk out.

DRAMATURG: Good question, dear...(*patatahanin ang Aktres*) buti naitanong mo...according to Villacorte, natunton daw niya si Pepita Tiongson sa isang 'squatters area' sa Daang Kalayaan sa Diliman, Quezon City noong 1969.

PIANISTA: Really?

DRAMATURG: Oo. Si Alfonso rin ang nag-interview sa kanya.

AKTRES: (*Nagtatampo*) Direk, iyon na raw po ang ending ng dula. Si Pepita Tiongson, sa Squatters sa Kalaayan avenue, Quezon City.

AKTOR 1: Bakit hindi? Kung totoo palang pangyayari ‘yon sa kasaysayan?

AKTOR 2: Naisip ko nga rin...out of curiosity lang naman, sabi mo po kanina, Dramaturg, no’ng bagong dating lang kayo, may mga dati nang tahanan na nakatayo rito, bago itayo itong Inang Bayan theatre complex?

DRAMATURG: Totoo. Bata pa ‘ko no’n...witness ako sa nangyaring demolition dati dito so many years ago.

Magtataas din ng kamay ang Aktor 1, alam din ang pangyayari.

DRAMATURG: Kayo rin, sir? (*Tatango ang Aktor 1 at may internal na dialogo sa mga kapwa aktor*) Walang gaanong media coverage at agad na na-disperse ang mga informal settlers. Matagal na panahong pagmamay-ari ito ng mga kroni ni Gov. Dapat gagawin itong mall...kaso’t heto nga’t three years ago, natuluyan nang sinimulan ang pagpapatayo ng Inang Bayan Theatre Complex, cultural smokescreen kumbaga ng provincial government. Para nga naman ma-promote din sa bayan ang imahe ng Gobernadora in power—ang Inang Bayan...kailangan ng bayan ng isang mapagkalingang ina, sabi n’ya.

DIREKTORA: Totoo ba ‘yan?

DRAMATURG: Katotohanan lang, Direk. Para saan pa sining at kasaysayan kun’di magsabi ng katotohanan.

AKTRES: Direk, naiisip kong makapangyarihang ending po iyon. Si Pepita Tiongson, na dating pinopoon at sinisinta...napunta sa squatter, taong 1969.

AKTOR 1: Agree rin ako. Kung iyon ang katotohanan.

AKTOR 2: Hashtag, never forget!

DIREKTORA: Hindi ko pa rin ma-imagine...

DRAMATURG: Totoo, Direk. Na-interview ko rin ang isa sa mga apo sa tuhod ni Pepita Tiongson. Maaga raw nabyuda ang matandang Pepita. At naghirap daw talaga sa daang Kalayaan.

Mapapatahimik. Napapaisip si Direktora.

Pupunta siya sa harapan ng entablado at mauupo. Bubuksan niya ang kanyang notes at magsusulat:

DIREKTORA: “Ang Inang Bayan pala nati’y hindi na naka-Filipiniana’t sakdal ng kagandahan, kun’di sadlak sa dusa’t kahirapan...humantong na pala rito si Jocelynang Baliwag.” So, ganito gusto n’yong ending?

PIANISTA: The irony? Kalayaan pa ang pangalan ng Avenue no? Willing ako mawala sa ending, Direk.

AKTRES: Itutuloy na po kaya natin ang ending na ‘yon, Direk?

Mapapaisip ang Direktora at titingin sa kabuuan ng bagong-tayong tanghalan at sa sahig nito. Katahimikan saglit.

DIREKTORA: Sige...(tatayo mula sa kinauupan)

Haharap ang buong cast sa audience.

DIREKTORA: Sa mismong inauguration ng Theatre Complex na ito...matutunghayan natin mula sa simula hanggang wakas ang kasaysayan ng Jocelynang Baliwag...tungo sa huling pag-awit ng Dalagang Marmol...Nasaan na ba ang Inang Bayan? Nasaan na si Jocelynang Baliwag?

Magdidilim ang ilaw. SCENE TRANSITION.

Maglalaglagan ang mga lumang papel mula sa itaas, mga pabalat ng Ang Singsing ng Dalagang Marmol.

Showdate, inauguration ng IBTC. Walang musika. Tanging maririnig ay ingay ng lungsod, mga ingay sa squatters' area, taong 1969.

Papasok ang matandang Pepita Tiongson. Kakantahin niya ang Jocelynang Baliwag, sa mabagal at garagal na boses, maraming ginugunitang alaala.

MATANDANG PEPITA TIONGSON:

Pinopoong sinta, niring calolowa
Nacacawangis mo'y mabangong sampaga
Dalisay sa linis, dakila sa ganda
Matimyas na bucal ng madlang ligaya.

Didilim nang unti-unti ang ilaw at patuloy ang humihina niyang pag-awit ng Jocelynang Baliwag.

TELON

*Pag-alaala at pagpupugay,
PEPITA TIONGSON
1885 - 1974*

TUNGKOL SA AWTOR

Si Andrew Estacio ay kasalukuyang instruktur sa ilalim ng Dibisyon ng Wika, Departamento ng Humanidades sa UPLB. Siya ay nagsusulat ng maikling kwento at dula na may mga paksa hinggil sa danas ng LGBTQ+, mga panlipunang komentaryo, at mga kwentong may kinalaman sa kasaysayan. Nagtuturo siya ng mga kursong GE hinggil sa wika, kultura, lipunan at sa Batas Militar. Kasalukuyan niyang tinatapos ang MA Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman.